

# Ministry of Health - Ontario

## Pormularyo ng Pahintulot para sa COVID-19

### (COVID-19 Vaccine Consent Form)

Apelyido	Pangalan	Pagkakakilanlan (hal. numero ng health card)	
Kasarian: <input type="checkbox"/> Babae <input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Mas gusto na hindi sagutin <input type="checkbox"/> Iba pa _____		Pangklinikang Doktor sa Pangunahing Pangangalaga (Pampamilyang Doktor o Praktisyuner na Nurse)	
Kung katutubo, mangyaring ilagay ang pagkakakilanlan sa pagkakatutubo:  <input type="checkbox"/> First Nations <input type="checkbox"/> Métis (kasama ang mga kasapi ng samahan ng Métis o Settlement) <input type="checkbox"/> Inuk/ Inuit <input type="checkbox"/> Iba pang Katutubo, tukuyin: _____ <input type="checkbox"/> Mas gusto na hindi sagutin <input type="checkbox"/> Hindi alam			
Telepono sa Bahay	Cellular Phone		
Address ng Kalye	Lungsod	Probinsya	Postal Code
Petsa ng Kaarawan: (buwan/araw/taon): ____ / ____ / ____ _____	Edad	Ito ba ang iyong <b>una o pangalawang dosis</b> ng bakuna?  <input type="checkbox"/> Una <input type="checkbox"/> Pangalawa  Kung pangalawa, mangyaring ilagay ang petsa ng unang dosis at pangalan ng bakunang ibinigay: ----- / ----- / ----- (buwan, araw, taon) Pangalan ng bakuna na ibinigay: _____	

## **Pahintulot na Makatanggap ng Bakuna**

Nabasa ko (o nabasa ito sa akin) at naiintindihan ko ang Immunization Prepackage (Nakapaketeng Imunisasyon), kasama ang mga sumusunod na dokumento: 'COVID-19 Vaccine Information Sheet' (Impormasyong Papel Tungkol sa Bakunang pang-COVID-19) at 'What you need to know about your Covid-19 vaccine appointment' (Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa iyong appointment para sa bakunang pang-Covid-19).

- Nagkaroon ako ng pagkakataong magtanong tungkol sa bakunang matatanggap ko at nasiyahan ako sa mga sagot dito.

**Sumasang-ayon ako sa pagtanggap ng bakuna, kasama ang lahat ng inirekumendang dosis sa serye.**

- Naiintindihan ko na maaari kong bawiin ang pahintulot na ito sa anumang oras.

- Naiintindihan ko na kung binabawi ko ang pahintulot bilang isang kapalit na tagagawa ng desisyon ng isang indibidwal, dapat akong makipag-ugnay sa congregate setting (pangrurupong tinutuluyan) kung saan naninirahan ang indibidwal.

**Tandaan: Mangyaring kontakin ang klinika ng pagbabakuna kung saan dapat kang makatanggap ng bakunang pang-Covid-19 sa oras na magbago ang isip mo at hindi ka na pumapayag na makatanggap ng bakuna. Magiging daan ito para maibigay sa iba ang pwesto mo. Kung ang pahintulot ay binawi ng isang kapalit na tagagawa ng desisyon ng isang indibidwal na naninirahan sa isang congregate setting, kailangang kontakin ng congregate setting ang lokal na yunit ng pampublikong kalusugan.**

## **Pagkilala sa Koleksyon, Paggamit at Pagbabahagi ng Impormasyon Tungkol sa Personal na Kalusugan**

Ang impormasyon tungkol sa personal na kalusugan na nasa pormularyong ito ay kinokolekta para sa layunin ng pagbibigay ng pangangalaga sa iyo at paggawa ng isang tala ng pagpapabakuna para sa iyo, at dahil kinakailangan ito para sa pangangasiwa ng programa ng Ontario sa pagbabakuna para sa COVID-19. Ang impormasyong ito ay gagamitin at ibabahagi para sa mga ganitong layunin, kabilang na rin ang para sa mga layuning pinahintulutan at hinihingi ng batas. Halimbawa,

- ibabahagi ito sa Punong Medikal na Opisyal na Pangkalusugan at sa mga yunit ng pampublikong kalusugan sa Ontario kung saan kinakailangan ang pagbabahagi para sa layunin ng *Health Protection and Promotion Act* (Batas sa Pangkalusugang Proteksyon at Pagsulong). At

- maaari itong isiwalat, bilang bahagi ng iyong elektronikong rekord ng kalusugan na pamprobinsya, sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay sa iyo ng pangangalaga. Ang impormasyon ay itatago sa isang sistema ng rekord pangkalusugan sa ilalim ng pangangalaga at kontrol ng Ministri ng Kalusugan.

Kung ang isang Clinic Site ay pinangangasiwaan ng isang ospital, kokolektahin, gagamitin at ibabahagi ng ospital ang iyong impormasyon bilang isang ahente ng Ministri ng Kalusugan.

**Kinikilala ko na nabasa at naintindihan ko ang pahayag sa itaas.**

Maaari kang kontakin ng ospital, lokal na yunit ng pampublikong kalusugan, o ng Ministri ng Kalusugan para sa mga hangaring nauugnay sa bakunang pang-COVID-19 (halimbawa, upang paalalahanan ka sa mga follow up na pakikipagkita at magbigay sa iyo ng tala ng pagpapabakuna). Kung pumapayag ka na tumanggap ng mga follow up na komunikasyon na ito sa pamamagitan ng email, mangyaring ipahiwatig ito gamit ang kahon sa ibaba.

**Pumapayag ako na makatanggap ng mga follow-up na komunikasyon:**

**sa pamamagitan ng email**  **sa pamamagitan ng text/SMS**

**Kung pinili ang sa pamamagitan ng email, mangyaring ibigay ang iyong email address:**

\_\_\_\_\_

### **Pahintulot na Kontakin Tungkol sa mga Pag-aaral sa Pananaliksik**

Mayroon kang opsyon na pumayag na makontak ng mga mananaliksik tungkol sa pakikilahok sa mga pag-aaral sa pagsasaliksik na nauugnay sa bakunang pang-COVID19. Kung pumapayag ka na makontak, gagamitin ang iyong impormasyon tungkol sa personal na kalusugan upang matukoy kung aling mga pag-aaral ang maaaring nauugnay sa iyo, at ibabahagi sa mananaliksik ang iyong pangalan at impormasyon para makontak. Ang pagsang-ayon na makontak tungkol sa mga pag-aaral sa pagsasaliksik ay hindi nangangahulugan na pumayag ka na lumahok sa mismong pagsasaliksik. Kusa ang pakikilahok sa pagsasaliksik. Maaari kang tumanggi na makontak tungkol sa mga pag-aaral sa pagsasaliksik nang hindi nakakaapekto sa iyong pagiging karapat-dapat na makatanggap ng bakunang pang-COVID-19.

Kung hindi mo gustong makontak tungkol sa mga pag-aaral sa pagsasaliksik, mangyaring ipahiwatig ito sa ibaba.

Kung pumapayag kang makontak tungkol sa mga pag-aaral sa pagsasaliksik, at pagkatapos ay magbago ang isip mo, maaari mong bawiin ang pahintulot sa anumang oras sa pamamagitan ng pagkontak sa Ministri ng Kalusugan sa [vaccine@ontario.ca](mailto:vaccine@ontario.ca).

Hindi ito makakaapekto sa iyong pagiging karapat-dapat na makatanggap ng bakunang pang-Covid-19.

**Sumasang-ayon ako na makontak tungkol sa mga pag-aaral sa pagsasaliksik na nauugnay sa bakunang pang-COVID-19:**

sa pamamagitan ng email  sa pamamagitan ng text/SMS  sa pamamagitan ng telepono  sa pamamagitan ng koreo

Kung napili ang sa pamamagitan ng email, mangyaring ilagay ang iyong email address:

\_\_\_\_\_

Hindi ako pumapayag na makontak tungkol sa mga pag-aaral na nauugnay sa COVID-19

**Pirma**

**Naka-print na Pangalan**

**Petsa ng Pagpirma**

Kung pumipirma ka para sa ibang tao maliban sa iyong sarili, ilagay ang iyong kaugnayan sa taong iyon:

Kung pumipirma ako para sa ibang tao maliban sa aking sarili, kinukumpirma kong ako ang magulang /ligal na tagapag-alaga o kapalit na tagagawa ng desisyon.